WALANG HANGGANG POSIBILIDAD

Liksyon 6 para sa ika-8 ng Agusto, 2020

A SINO ANG TUMATANGGAP NITO?

- Inihambing ni Pablo ang mga miembro ng Iglesias a katawan ng tao. Sa paghahambing na ito, ang Iglesia ang katawan ni Kristo (1 Corinto12:12-27).
- Lahat ng bahagi ng katawan ay may layunin, at walang miembro ng Iglesia na walang kaloob.
- Lahat ay nakatanggap ng kahit na isang kaloob. Dapat tayong magtulungan upang gamitin ang mga kaloob na ito upang ibahagi ang pag-ibig at katotohanan ni Kristo sa buong mundo.
- Walang miembrong walang kwenta o pakinabang. Iyong mga nangangaral sa maraming tao ay kasing halaga nilang mga nananalanging tahimik.

B SINO ANG NAGBIBIGAY NITO?

- Ipinapaliwanag ng Biblia na bawat sakdal na kaloob ay mula sa Dios. Nagbibigay ang Banal na Espiritu sa kanila ayon sa Nakita Niyang pinakamabuti (Santiago 1:17).
- Bakit hindi natin maaaring piliin ang ating mga kaloob?
- Kung ipapasakop natin ang ating mga puso kay Jesus, ibinibigay ng Dios sa atin ang pinakaakmang mga kaloob, upang magamit silang mainam sa ikalalago ng Iglesia.

C ANO ANG HANGARIN NG MGA ESPIRITWAL NA KALOOB?

- Merong mga tala sa Roma 12:6-8, 1 Corinto 12:8-10, 28-30 at Efeso 4:11 ng mga kaloob na ibinigay sa mga naunang mananampalataya.
- May mga karagdagang kaloob sa mga nauna, gaya ng pag-ayos ng larawan at mga video, pagpiloto sa eroplano, pangangasiwa sa social networks …
- Ang Espiritwal na mga kaloob ay hindi natural na mga talento. Gayunman, maaaring pabanalin ng Banal na Espiritu ang mga natural na talento at gamitin ito sa paglilingkod kay Kristo (nagiging espiritwal na kaloob).

D PAANO KO MALALAMAN ANG AKING KALOOB?

- Tayong lahat ay nakatanggap ng mga kaloob … ano ang meron kayo?
- Ang pinakamabuting paraan para malaman ay “subukan ito”. Magsimulang gumawa ng paglilingkod sa inyong local na iglesia. Sa ganoong paraan ay malalaman mo kung mayroon ka bang tamang kaloob sa gawaing iyon o hindi. Ating unawain ang ilang konsepto:
  - — *Mga kaloob*: Espesyal na mga katangian (hal. magaaang nakakapagturo)
  - — *Mga paglilingkod*: pangkaraniwang bahagi ng paglilingkod (hal. Sabbath School)
  - — *Mga gawain*: Natatanging mga pangyayari (hal. pangunguna sa klase ng Sabbath School)

E PAANO LUMAGO ANG AKING MGA KALOOB?

- Sa talinhaga ng mga talento, ipinaliwanag ni Jesus na bawat isa ay nakakatanggap ng kaloob, ngunit ang ilan ay may marami sa iba (Mateo 25:14-30).
- Gayunman, iyon ay sa simula pa lamang. Maaari tayong “makipagkasundo” gamit ang ating mga paunang kaloob.
- Lalago sila habang ginagamit natin, at maari rin tayong tumanggap ng mga bagong kaloob. Mag-ingat, dahil maaaring mawala ang ating mga kaloob kung hindi natin ito gagamitin.
- Hilingin mo sa Dios kung anong mga kaloob na Kanyang ibinigay sa’yo at kung paano mo sila magagamit. Gaano man karami ang iyong mga kaloob, ang mahalaga ay kung ano ang ginagawa mo sa kanila.